# Clavel Pritchard is interviewed by Melinda Lidbetter a student at the School of Philippine Studies in Newcastle

## Saan po kayo galing?

Ang pinanggalingan ko ay sa Pilipinas.

## Maari po bang Ilarawan ninyo ang inyong pinag-mulang bayan.

Ipinanganak ako sa Mahayahay Lemery Batangas pero lumaki ako sa Maynila sa San Andres Bukid Manila.

## Ano po ba ang klase ng inyong tahanan sa Pilipinas?

Sa Maynila ay parang Apartment sa Sydney na dalawang storey sa Batangas ay parang sa tinitirhan ko dito sa Medowie. Maraming punong kahoy at Malayo sa city.

## Ilarawan mo ang iyong pamilya. Ano ang naging hanap-buhay mo? Nang iyong ama? Nang iyong ina?

Ang ginagawa naming mag-anak, ang Tatay ko ay patay na pero noong buhay pa siya, siya ay businessman. Ang Nanay ko ay taong bahay lamang ng aking mga kapatid. Ang panganay kung kapatid na babae, ay nakatira sa France. Ang pangalawa kung kapatid na Lalaki ay Mechanical Engineer. Ang pangatlo kung kapatid ay Teacher.

## Ano po bang espesyal na araw na inyong ipinagdiriwang?

Ang espesyal na araw naming ipinag-diriwang ay kaarawan, pasko at New Year's Eve.

## Mayroon po ba kayong mga kwento, awitin o kaya recepe na masasabi?

Ang kanta naming kinakanta ay Leron – Leron Sinta At Bahay Kubo. Ang recepe naman namin ay inihaw na bangus na binabalot sa dahon ng saging.

## Bakit po kayo umalis sa Pilipinas?

Dahil nag-asawa ako ng Australiano.

## Ilan po ang edad ninyo nang umalis kayo sa Pilipinas?

Umalis ako sa Pilipinas noong ako'y 23 taong gulang.

## Saan po una kayong tumira sa Australiya? Ipaliwanag nga po?

Tumira ako sa 17 Wilga Rd Medowie.

## Ano po ba ang inyong nga experyensya na masasabi nang bago pa kayo sa Australiya?

Ang experensiya na masasabi ko ay ang pinakain ako ng Mashed Potato lagi ng asawa ko.

## Kayo po ba ay nahirapan sa una? Sa pag-sasalita at pag-intindi ng Inglis? Ipaliwanag po.

Hindi mahirap dahil pinag-aralan namin sa School.

## Nakabalik na po ba kayo uli sa Pilipinas? Ano po ba ang mga pag-babago doon?

Oo! Nakabalik ako sa Pilipinas noong 1994. Maraming naiiba, mas busy na ngayon.